

IMPERIAL BRANDS

# *KAPAG SAMA-SAMA,* *TAYO ANG IMPERIAL BRANDS*







## ANG ATING CODE OF CONDUCT

SETYEMBRE 2024

# TALAHANAYAN NG NILALAMAN


- Ang Ating Layunin, Vision, at mga Pag-uugali
- Minamahal na Kasamahan
- Panimula
- Paggawa ng mga Etikal na Desisyon
- Speaking Up
- Ang Ating Mga Consumer
- Ang Ating Mga Kasama
- Ang mga Asset at Reputasyon ng Ating Kumpanya
- Ang Ating Integridad sa Negosyo
- Ang Kapaligiran at Lipunan
- Glossary
- Mga Patakaran at Internal na Resource




# ANG ATING LAYUNIN, VISION, AT MGA PAG-UUGALI

## ANG ATING LAYUNIN


**“Bumuo ng daan tungo sa mas masiglang hinaharap para sa mga sandali ng pahinga at kasiyahan.”**

## ANG ATING VISION

**“Bumuo ng matatag na challenger na negosyo na pinapalakas ng responsibilidad, pagtuon, at pagpili.”**

## ANG ATING MGA PAG-UUGALI

**“Tinutukoy ng ating mga Pag-uugali kung paano dapat tayo kumilos, magdesisyon, at makitungo sa isa't isa.”**



# ANG ATING MGA PAG-UUGALI



## Magsimula sa **Consumer**

- Lahat ng ginagawa natin ay nagsisimula nang isinasaisip ang ating consumer
- Gawin mong tungkulin ang pag-unawa sa mga consumer
- Gawing mahigpit sa mga desisyong ginagawa mo - maging mausisa, magtanong, gumamit ng impormasyon at data, humanap ng mga alternatibong pananaw para subukin ang iyong pag-iisip
- Pagsamahin ang data at insight, pati na rin ang instinct at karanasan mo sa paggawa ng mga desisyon
- Maghatid ng kalidad sa iyong ginagawa.

**Batayang mindset**

Nagsisimula ang lahat ng ginagawa natin sa consumer - nandito tayo dahil sa kanila

Ang pagkilala sa ating mga consumer ay ang susi sa pagbukas ng tagumpay natin sa hinaharap

Nakakagawa ng magagandang desisyon sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng data, insight, at karanasan



## Makipag-collaborate nang **may Layunin**

- Ibahagi ang iyong kaalaman at karanasan sa iba
- Pakinggan at igalang ang kakayahan ng iyong mga kasama
- Mag-impluwensya, huwag magdikta
- Magtiwala sa iba - hindi mo kailangang kontrolin ang lahat
- Balansehin ang mga lokal na agenda sa mga pangangailangan ng IMB (huwag kalimutan ang kabuuan ng sitwasyon)
- Makipagkumpetensya sa labas, huwag sa loob

**Batayang mindset**

Parte ng trabaho ko na tulungan ang iba na magtagumpay

Hindi ko kailangan kontrolin ang lahat

Ang pakikipagtulungan sa iba ay maghahatid ng mas magagandang resulta para sa ating lahat



## Magkaroon ng Pananagutan nang **may Kumpyansa**

- Magkaroon ng pananagutan at panagutin ang iba
- Gawin ang iyong ipinangako
- Manatiling nakatuon sa mga napagkasunduang priyoridad
- Bitawan na ang mga bagay na hindi na mahalaga
- Magbigay ng hamon sa makakabuting paraan at maging bukas sa mga katanungan
- Huwag sisihin ang ibang tao

**Batayang mindset**

Ang pangangko ay isang paninindigan

Okay lang na magsalita

Kapag ginawa ko kung ano ang tama, huhusgahan nang patas ang kontribusyon ko



## Maging Totoo, **Inklusibo sa lahat**

- Magbigay ng panahon na batiin ang mga tao
- Kilalanin at pahalagahan ang kontribusyon ng iba
- Alagaan ang isa't isa - walang eksepsyon
- Ipagbunyi ang kaibahan bilang kalakasan
- Ipakita ang tunay mong pagkatao
- Maging tapat, bukas, at mapagkumbaba sa mahihirap na pag-uusap

**Batayang mindset**

Tanggap ako

Pinapahalagahan ako

Kapag mas magkakaiba tayo, mas malakas din ang ating negosyo



## Buuin ang **ating Kinabukasan**

- Asahan ang mga pagkakataon at mga hamon sa hinaharap
- Panatilihing nauuna ka nang isang hakbang, palagi
- Balansehin ang pangmatagalang performance at panandaliang delivery
- Kumilos para sa ikagaganda ng mga bagay-bagay
- Yakapin ang pagbabago at salubungin ang mga inobasyon - maging bukas sa mga bagong bagay at maging handang matuto sa mga kapalpakan

**Batayang mindset**

Naniniwala ako sa ating tagumpay

Mahalagang sumubok ng mga bagong bagay

Sa pagkatuto sa ating mga pagkakamali at kapalpakan, nalalaman natin kung paano maging magtagumpay

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# MINAMAHAL NA KASAMAHAN

**Nakabatay ang ating komersyal na tagumpay sa responsableng diskarte sa negosyo at pagtuon sa indibidwal na pananagutan.**



Ang ating Code of Conduct ay isang gabay sa paggawa ng kung ano ang tama sa Imperial Brands.

Sa pratikal na paraan, inilalarawan ng Code kung paano natin pinakamagandang masusuportahan ang ating Layunin - para bumuo ng daan sa mas masiglang hinaharap para sa lahat ng stakeholder - at ang ating Vision na maging isang negosyong pinapalakas ng responsibilidad.

Kailangang maglaan ng oras ng bawat isa sa atin para maging pamilyar sa Code, na magbibigay sa atin ng kumpyansang maging accountable sa kung paano tayo nagtatrabaho at kumikilos.

Basahin nang mabuti ang Code. Talakayin ito sa mga kasamahan. Magtanong sa iyong People Leader o sa sinumang miyembro ng senior leadership team kung may kahit anong bagay kang hindi naiintindihan.

Sa pamamagitan ng malinaw na pagtatakda ng ating mga paniniwala at inaasahan, natutulungan tayo ng Code na gumawa ng mga desisyon nang may integridad sa pare-parehong paraan sa buong pandaigdigang organisasyon natin anupaman ang tungkulin o lokasyon.

Magsalita kung may maoobserbahan o may pinaghihinalaan kang anumang pag-uugali na hindi naaayon sa ating Code. Papanatilihin ang pagiging kumpidensyal mo, at may zero tolerance tayo para sa paghihiganti.

Ang pagkilos nang naaayon sa pinakamatataas na pamantayan ng pag-uugali ay ang bagay na tamang gawin at ang paraan kung paano tayo makakapaghatid ng sustainable na paglago na pangmatagalan.

**Stefan Bomhard**
Chief Executive Officer

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PANIMULA
# SA CODE OF CONDUCT


**Nakatakda sa ating Code of Conduct ang mga pamantayan ng pag-uugali na inaasahan natin mula sa lahat ng nagtatrabaho para sa at kasama ng Imperial Brands.**

Nagbibigay ng balangkas ang Code para masiguradong inaabot natin ang ating mga layunin sa negosyo nang may integridad.

Nalalapat ang Code sa lahat ng nasa Imperial Brands, kasama ang mga director, management, empleyado, pansamantalang manggagawa, at sa ating mga ganap na pagmamay-aring subsidiary.

Responsibilidad mo na basahin at unawain ang Code at tapusin ang lahat ng mandatoryong pagsasanay sa Code at sa pagsunod na itinalaga sa iyo. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga inaasahang nakabalangkas sa Code, makipag-usap sa iyong People Leader, lokal na Legal Counsel, o sa isang miyembro ng iyong Group Legal.

**Hihilingin sa iyong patunayan na nauunawaan mo ang Code bilang bahagi ng regular na pagsasanay na isinasagawa sa Code at mga paksa ng Code.**



# PANIMULA SA CODE OF CONDUCT

## Mga Responsibilidad ng mga People Leader

Kung isa kang People Leader, may mga karagdagan kang responsibilidad pagdating sa Code:

- Unawain ang iyong mga obligasyong suportahan at ipatupad ang Code
- Maghanap ng mga pagkakataong ibahagi at ipaliwanag ang Code
- Maging ehemplo sa pamamagitan ng pagsunod sa Code at pagiging mabuting halimbawa para sa iyong team at iba pang kasamahan
- Siguraduhing tatapusin ng team mo ang lahat ng mandatoryong pagsasanay na may kaugnayan sa mga paksa ng Code at pagsunod
- Hikayatin ang team mo na magtanong, magbahagi ng mga alalahanin, at magsalita kung may bagay na parang mali; at, kapag ginawa nila ito, makinig nang mabuti at kumilos nang naaangkop.

Alamin ang kahalagahan ng tungkuling ginagampanan mo sa pagbibigay-daan sa mga kasamahan na magkaroon ng kumpyansang humingi ng tulong at mapanatag sa paggawa ng mahihirap na desisyon kapag ito ang tamang gawin. Kung kailangan mo ng gabay o payo, humingi ng tulong sa iyong Legal Counsel o Group Legal.

## Pagpapatupad ng Code

Ang ibig sabihin ng ating responsableng diskarte sa negosyo ay ang pagpapatupad ng pananagutan para sa mga inaasahan nating pamantayan ng asal. Ang mga indibidwal na sangkot sa mga paglabag sa Code ay mapapasailalim sa patas na procedure ng pagdidisiplina, alinsunod sa ating Patakaran sa Pagdidisiplina. Ang mga paglabag sa batas ay posibleng napapasailalim din sa mga legal na sanction at iba pang penalty.

Mag-click dito para sa mga internal na resource



# PAGGAWA NG MGA ETIKAL NA DESISYON

**Ang bawat isa sa atin ay may pananagutan para sa mga desisyong gagawin natin sa ating trabaho.**
Kung minsan, malinaw ang desisyong naaayon sa batas at etikal. Sa ibang pagkakataon naman, mas mahirap matukoy kung ano ang tamang desisyon. Mahalagang palagi tayong gumawa ng mga desisyong maipagmamalaki natin.

**Kapag humaharap sa isang mahirap na desisyon o hindi pangkaraniwang request, tanungin sa sarili mo ang mga tanong na ito:**

**Mukhang kailangan mo ng tulong:**

Humingi ng gabay mula sa iyong **People Leader**, **lokal na Legal Counsel**, o **Group Legal**

**Hindi ako sigurado...**



Legal ba ito? → OO → Naaayon ba ito sa ating Code, patakaran ng kumpanya, at sa ating mga pag-uugali? → OO → Nauunawaan ko ba ang mga panganib at kahihinatnan? → OO → Maipagtatanggol ko ba ang mga aksyon ko sa isang kasamahan? → OO → Ano'ng iisipin ng iba kung mabasa nila sa balita ang tungkol sa mga aksyon ko? → OO →

**Kung ang sagot sa lahat ng tanong na ito ay Oo, malamang na ayos lang na magpatuloy.**

**Kung may mga alalahanin ka pa rin, makipag-usap sa iyong People Leader o lokal na Legal Counsel.**

**Hindi...**

**Huwag magpatuloy:**

**Kapag sumagot ng Hindi** sa alinman sa mga tanong na iyon, may malaking posibilidad na hindi ito katanggap-tanggap na desisyon o request.
Humingi ng gabay mula sa iyong **People Leader**, **lokal na Legal Counsel**, o **Group Legal**

# SPEAKING UP

**Magkaroon ng lakas ng loob na magsalita kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa maling asal sa Imperial Brands.** Kung may maobserbahan kang asal na lumalabag sa mga inaasahang nakatakda sa Code, o kung may pinapagawa sa iyong bagay na mukhang hindi naaayon sa Code, patakaran ng kumpanya, o batas, hinihikayat ka naming magsalita.

SPEAKING UP

KUNG SAMA-SAMA, MAKAKAGAWA TAYO NG PAGBABAGO

## May ilang paraan para mag-ulat ng maling asal:

- Makipag-usap sa iyong People Leader o lokal na business partner sa Mga Tao at Kultura (People & Culture o P&C). Puwede ka ring direktang makipag-ugnayan sa Group Legal kung gusto mo.
- Kumpidensyal na iulat ang alalahanin mo sa pamamagitan ng ating secure na online na platform na Speaking Up. Puwede mong i-access ang system mula sa iyong PC o mobile device sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code sa page na ito o bisitahin ang **https://imperialbrands.whistleblowernetwork.net**.
  Puwedeng anonymous na isumite ang ulat mo, kung gusto mo.

  Sa ilang bansa, puwede ka ring tumawag sa lokal na toll-free na numero ng telepono para mag-ulat ng alalahanin. I-access ang isang listahan ng numero ng telepono **rito**. Ilagay ang code na **25492** kapag na-prompt.
- Iulat ang alalahanin mo sa pasulat na paraan sa:
  **Imperial Brands Plc, Attn: Speaking Up,**
  **121 Winterstoke Road, Bristol BS3 2LL UK |**
  **speakup@impbrands.com**

  Sa North America, mag-ulat sa ITG Brands sa:
  **ITG Brands Speaking Up,**
  **714 Green Valley Road, Greensboro, NC 27408 |**
  **Tel: +1 866 447 6092**
  **https://secure.ethicspoint.com**

Sa paanong paraan mo man gustong magsalita, susuriin ang ulat mo at, kung kinakailangan, iimbestigahan.

Mag-click dito para sa mga internal na resource



# SPEAKING UP






**Poprotektahan natin ang pagiging kumpidensyal ng sinumang magsasalita at hindi natin ipagwawalang-bahala ang anumang anyo ng paghihiganti o diskriminasyon laban sa sinumang nagparating ng alalahanin o naging bahagi ng isang imbestigasyon. Ang mapaghiganting pag-uugali ay puwedeng humantong sa pandisiplinang aksyon, hanggang sa at kasama ang pagkakatanggal sa trabaho.**

Available ang ating channel na Speaking Up sa mga empleyado at pansamantalang manggagawa ng Imperial, pati na rin sa mga supplier at external na business partner at mga komunidad kung saan tayo nagtatrabaho. Hinihikayat kang i-promote ang ating channel na Speaking Up sa sinumang nagtatrabaho sa o para sa Imperial Brands.

**Tingnan din ang:** Patakaran sa Speaking Up

## Paghahain ng karaingan

Pinangangasiwaan sa ibang paraan ang mga karaingan ng empleyado, gaya ng mga may kaugnayan sa pag-angat mo sa trabaho, mga termino ng pagtatrabaho, o mga hindi pagkakasundo sa mga kasamahan, kumpara sa mga paglabag sa Code.

Para matugunan ang isang karaingan, dapat mong subukang lutasin ang mga isyu sa hindi pormal na paraan sa unang pagkakataon sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong People Leader. Kung sa palagay mo ay hindi mo ito magagawa, makipag-usap sa isang mas senior na manager o sa lokal na business partner sa P&C.

Kung hindi malulutas ang karaingan mo sa hindi pormal na paraan, puwede kang pormal na maghain ng kaso alinsunod sa iyong lokal na procedure ng karaingan. Makipag-usap sa iyong business partner sa P&C para sa higit pang impormasyon.

Hindi ipagwawalang-bahala ng Imperial Brands ang anumang anyo ng paghihiganti o diskriminasyon laban sa isang taong nag-ulat ng karaingan.

Mag-click dito para sa mga internal na resource

# ANG ATING MGA CONSUMER

**Tungkulin natin na unawain ang mga adult na consumer, sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng data at insight pati na rin ng malalim nating karanasan.**

Nauunawaan natin ang mga alalahanin ng lipunan tungkol sa mga panganib sa kalusugan ng paninigarilyo at tinatanggap natin ang tungkulin nating tumulong na bawasan ang pinsalang dulot nito, kasama ang sa pamamagitan ng responsableng pag-develop at pag-market ng mga produktong may potensyal na makabawas sa mga panganib, gaya ng mga vape, heated tobacco, at mga oral nicotine pouch.


12 Responsableng marketing
13 Halagang inaangat ng kalidad
14 Integridad sa agham







**“Layunin natin na maihatid ang mga pangangailangan ng mga adult na gumawa ng desisyong nakabatay sa impormasyon na gamitin ang ating mga produkto”**

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# RESPONSABLENG MARKETING

Nakatuon tayo sa responsableng pag-market at pag-advertise ng ating mga produkto, nang naaayon sa mga batas, code of practice, at boluntaryong kasunduan sa mga bansa kung saan tayo nagnenegosyo. Inilalapat natin ang ating mga Prinsipyo sa Marketing sa lahat ng pag-advertise at pampromosyong aktibidad at nire-require natin sa ating mga external na business partner na ganoon din ang gawin.



- **I-advertise at i-market lang ang ating mga produkto sa mga adult na naninigarilyo o adult na consumer ng recreational na produktong nicotine**
- **Magbigay ng malinaw at tumpak na impormasyon tungkol sa ating mga produkto at sa mga panganib ng mga ito**
- **Siguraduhing totoo at mapapatunayan ang lahat ng claim ng produkto**
- **Huwag gumamit ng mga larawan o content na naglalayong makaengganyo ng kabataan**




Mag-click dito para sa mga internal na resource

## Mga Prinsipyo sa Marketing

1. **Nakikipag-ugnayan lang tayo sa mga adult na consumer** ng mga produktong tabako at nicotine
2. **Tapat at transparent** ang marketing natin
3. Ibinibigay natin sa ating mga consumer ang impormasyong kailangan nila para **makagawa ng mahuhusay na desisyon**
4. **Hinding hindi natin hihikayatin ang mga tao na manigarilyo** o ang mga hindi naninigarilyo na gumamit ng mga recreational na produktong nicotine, at hinding hindi natin pipigilan ang mga consumer ng ating mga produkto na huminto
5. **Sumusunod tayo sa mga lokal na batas, code of practice, at boluntaryong kasunduan** na sumasaklaw sa pag-advertise, pag-promote, at pagbebenta ng ating mga produkto

# HALAGANG INAANGAT NG KALIDAD

Hindi tayo natitinag sa pagtuon natin sa pagtataguyod ng kultura ng kalidad at patuloy na pagsisikap para pahusayin ang mga pamantayan, proseso, at produkto ng ating negosyo, nang naaayon sa mga kinakailangan ng regulasyon at inaasahan ng consumer. Nakabatay ang ating systematic na diskarte sa pamamahala sa kalidad sa tatlong pangunahing prinsipyo:
**Gawin ito nang Tama**, **Panatilihin itong Tama**, at **Tugunan ang Mali**.



- **Alamin ang anumang pandaigdigan o lokal na procedure ng kumpanya na naaangkop sa iyong trabaho**
- **Pakinggan at aksyunan ang feedback ng consumer, gamit ang data, mga insight, at ang karanasan mo sa paggawa ng mga desisyon**
- **Huwag pumalyang aksyunan ang anumang isyu ng consumer sa kaligtasan o kalidad at patuloy na sikaping pahusayin ang ating mga proseso, serbisyo, at kalidad ng produkto**
- **Maghatid ng kalidad sa ginagawa mo, at palaging magsimula sa consumer**





Mag-click dito para sa mga internal na resource




"Nakadepende ang ating tagumpay at reputasyon sa kakayahan nating maghatid ng mga produktong may tamang kalidad na nag-aalok sa mga adult na consumer ng mga sandali ng pahinga at kasiyahan"



← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# INTEGRIDAD SA AGHAM

Nakatuon tayo sa pagtataguyod ng ating pangangasiwa ng produkto at mga responsibilidad sa kalusugan sa lahat ng naaabot ng ating produkto, kasama ang pag-assess sa mga potensyal na Next Generation na Produkto, para makagawa ng makabuluhang kontribusyon sa pampublikong kalusugan. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng malalawak na assessment sa kaligtasan ng produkto sa mga produkto natin sa kabuuan ng mga lifecycle ng mga ito at pagsusuri sa potensyal na pagbaba ng pinsalang dulot ng tabako sa mga Next Generation na Produkto.



- **Sundin ang framework ng ating multi-stage at multi-discipline na siyentipikong assessment para sa pagsusuri sa kaligtasan ng produkto at para sa pag-assess sa potensyal na pagbaba ng pinsalang dulot ng tabako sa mga Next Generation na Produkto**
- **Maging transparent kaugnay ng ating inobasyon, mga natuklasan sa research, at metodolohiya na mahahanap sa seksyong Research Archive ng ating website dito**
- **Nakikipagtulungan lang tayo sa mga maingat na piniling partner sa research at inobasyon na patuloy na nagpapakita ng matataas na pamantayan sa etikal na gawi at siyentipikong asal**
- **Bumubuo lang tayo ng mga produkto para sa mga adult na naninigarilyo at adult na consumer ng mga recreational na produktong nicotine**





Mag-click dito para sa mga internal na resource



**Kumikilos tayo nang naaayon sa mga napatunayan nang siyentipikong pamantayan, regulasyon, at framework, at alinsunod sa pinakamahuhusay na kagawian sa industriya**

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# ANG ATING MGA KASAMA

**Napakahalaga para sa ambisyon natin ng pag-develop ng mga kakayahan at potensyal ng bawat kasamahan sa Imperial Brands.**

Kinikilala natin ang mga indibidwal sa kung sino sila at nagpapakita tayo ng paggalang para sa halagang hatid ng bawat tao anupaman ang kanilang kultura, mga paniniwala, o paraan ng pamumuhay.


16 Pagtataguyod ng paggalang, patas na pagtrato, diversity, katarungan, at inklusyon

17 Pag-develop ng talento

18 Pagbibigay ng ligtas, nakakabuti, at supportive na workplace

19 Paggalang sa mga karapatang pantao







> "Ang ating mga pangunahing pag-uugali ay pinagtitibay ng kulturang nakabatay sa performance at inklusibo na ginagawa natin sa Imperial"

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAGTATAGUYOD NG PAGGALANG, PATAS NA PAGTRATO, DIVERSITY, KATARUNGAN, AT INKLUSYON

Nilalayon nating gumawa ng tunay na diverse at inklusibong organisasyon na kilala sa pagbubunyi ng mga pagkakaiba-iba, na nagbibigay-daan sa ating mga kasamahan na maramdamang kaisa sila at puwede silang magpakatotoo sa kanilang mga sarili. Ginagalang, kinikilala, at pinahahalagahan natin ang diversity ng ating mga consumer at sinasalamin natin ang mga komunidad kung saan tayo nagpapatakbo ng negosyo.

Ang ating workplace ay isang lugar kung saan tinatrato ang mga empleyado nang may dignidad, katarungan, at paggalang. Sinisikap nating tugunan ang mga karaingan ng empleyado sa pareho-pareho, patas, at nasa oras na paraan. Hindi natin ipagwawalang-bahala ang karahasan, pamimilit, pananakot, pambu-bully, pangha-harass, sekswal na pangha-harass, diskriminasyon, o anupamang nanghahamak na asal o pag-uugaling nagbubukod batay sa mga personal na katangian




- **Alamin ang sarili mong unconscious na bias. Ang mga ito ay mga nakatagong subconscious na paniniwala na mayroon tayong lahat na nakakaapekto sa ating mga pananaw sa mundo**
- **Makisimpatya at maglaan ng oras para alamin at pag-isipan ang iba't ibang pananaw at paraan ng pag-iisip**
- **Isaisip na ang bawat empleyado ay may sari-sariling indibidwal na background at karanasan – magtanong tungkol sa kanilang mga kagustuhan sa halip na gumawa ng mga pala-palagay batay sa mga grupo ng demograpiko na kinabibilangan nila**
- **Subukang idisenyo at ipatupad ang lahat ng proseso, patakaran, kagawian, output, at materyal ng mga komunikasyon sa paraang patas na maa-access at nauugnay sa lahat ng empleyado, anupaman ang kanilang background o personal na katangian**

Mag-click dito para sa mga internal na resource    Patakaran ng Speaking Up




**"Ang ating workplace ay isang lugar kung saan tinatrato ang mga empleyado nang may dignidad, katarungan, at may paggalang"**



# PAG-DEVELOP NG TALENTO

Nakatuon tayo sa paggawa ng isang kapaligiran sa trabaho kung saan may pagtutulungan at kasiyahan, na namumuhunan sa pagsuporta sa mga kasamahan na tuloy-tuloy na i-develop ang kanilang mga kakayahan at karanasan at sa pag-abot sa kanilang potensyal sa career. Nagbibigay tayo ng access sa mga programa ng tulong sa empleyado, flexible na pagtatrabaho, mga pampamilyang patakaran at pasilidad, pati na rin mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa trabaho, kung saan kinakailangan.






- **Siguraduhing naglalaan ka ng oras para sa personal na pag-develop. Magbahagi ng kaalaman at karanasan sa iba, at matuto rin sa kanila**
- **Huwag tumuon sa mga panandaliang komersyal na performance kapalit ng integridad o sustainable na paglago**
- **Huwag hayaang maapektuhan ng isang control-mindset ang paraan mo ng pagkonekta at pakikipag-collaborate sa mga kasamahan**
- **Huwag itago ang mga pagkakamali o pagkukulang mo o iwasan ang pagtanggap ng responsibilidad kapag nagkaproblema**



“Susuportahan tayo ng paghasa sa performance at potensyal ng bawat kasamahan sa pag-abot ng ating mga strategic na layunin”




Mag-click dito para sa mga internal na resource



← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAGBIBIGAY NG LIGTAS, NAKAKABUTI, AT SUPPORTIVE NA WORKPLACE

Lubos nating pinahahalagahan ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng ating mga empleyado. Pinagtutuunan natin ang paggawa ng isang kultura ng pangangalaga kung saan mga nangungunang priyoridad ang kapakanan at kaligtasan, at ang pagkakaroon ng mga world class na pamantayan sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan sa trabaho sa lahat ng mga pagpapatakbo natin ng negosyo sa buong mundo.




- **Tukuyin ang mga peligro at i-assess ang mga panganib para maalis o epektibong makontrol ang mga potensyal na banta sa kaligtasan**
- **Sundin ang mga panuntunan sa paggamit ng equipment, mga sasakyan, machinery, at personal na pamprotektang equipment**
- **Maging responsable sa pamamahala ng sarili mong kalusugan at kapakanan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga makakabuting pag-uugali at pagsasabi sa People Leader kung naniniwala kang inilalagay ng iyong trabaho, o kapaligiran sa trabaho, ang kalusugan mo sa panganib, o kung mayroon kang anumang pangangailangan para sa karagdagang suporta (hal., mga adjustment para sa kapansanan o pagbabalik sa trabaho)**
- **Patuloy na sikaping gawing mas mahusay ang ating mga kagawian para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan at hikayatin ang mga kasamahan na ganoon din ang gawin**

Mag-click dito para sa mga internal na resource   Patakaran sa mga Karapatang Pantao




**"Lubos nating pinahahalagahan ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng ating mga empleyado"**

# PAGGALANG SA MGA KARAPATANG PANTAO




Pinahahalagahan natin ang kaligtasan, dignidad, at kapakanan ng ating mga empleyado, ng ating mga external na business partner, at ng mga komunidad kung saan tayo nagnenegosyo.

Ginagalang natin ang mga karapatang pantao, kasama ang karapatan sa kalayaang maging bahagi ng asosasyon at ang pagkilala sa kolektibong pakikipagkasundo o collective bargaining; ang pag-alis ng puwersahan o sapilitang pagtatrabaho at pagtatrabaho ng bata; ang pag-alis ng diskriminasyon kaugnay ng trabaho at tungkulin; pati na rin ang karapatan sa ligtas at masiglang kapaligiran sa trabaho sa loob ng sarili nating mga operasyon at sa ating mga supplier at external na business partner. Ginagabayan tayo ng Universal Declaration of Human Rights, ng Guiding Principles on Business and Human Rights ng United Nations, at ng Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work ng International Labour Organisation.



- **Dapat ay walang taong nagtatrabaho na mas bata sa minimum na lokal na legal na edad ng pagtatrabaho**
- **Ipinagbabawal ang pagtatrabaho ng bata, puwersahan o trafficked na pagtatrabaho, at anupamang kontemporaryong anyo ng pang-aalipin. Magsalita kung may pinaghihinalaan o naobserbahan kang mga paglabag sa mga karapatang pantao**
- **Nakatuon tayo sa pagsisikap na walang mangyaring pagtatrabaho ng bata sa ating supply chain. Nire-require natin sa ating mga supplier na sumunod sa, o higitan ang, mga international na pamantayan sa paggawa at itinakda natin ito sa ating Code of Conduct ng Supplier**
- **Nauunawaan at sumusunod tayo sa ating Patakaran sa mga Karapatang Pantao**

> **"Pinahahalagahan natin ang kaligtasan, dignidad, at kapakanan ng ating mga empleyado, ng ating mga external na business partner, at ng mga komunidad kung saan tayo nagnenegosyo"**



Mag-click dito para sa mga internal na resource
Patakaran sa mga Karapatang Pantao
Pahayag sa Modernong Pang-aalipin    Code of Conduct ng Supplier


← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# ANG MGA ASSET AT REPUTASYON NG ATING KUMPANYA

**Sa pamamagitan ng pagpapatakbo ng ating negosyo sa paraang maingat at masigasig, napoprotektahan natin ang mga asset at reputasyon ng Imperial Brands at natitiyak natin ang mas sustainable na hinaharap para sa ating kumpanya.**




21 Paglaban sa ilegal na trade
22 Pagprotekta sa mga asset ng kumpanya
23 Pag-secure ng mga information system
24 Pagprotekta sa personal na impormasyon
25 Pamamahala ng kumpidensyal na impormasyon
26 Pagprotekta sa intellectual property
27 Pakikipag-ugnayan sa mga investor, analyst, at sa media
28 Responsableng paggamit ng social media




> “Nakakatulong sa pagprotekta ng mga asset at reputasyon ng Imperial Brands ang pagpapatakbo ng ating negosyo sa maingat at masikap na paraan”

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAGLABAN SA ILEGAL NA TRADE

Nilalabanan natin ang lahat ng anyo ng ilegal na trade at nakikipagtulungan tayo sa mga awtoridad para mapigilan na mapunta sa lehitimong market ang mga ilegal na produktong tabako. Dahil sa malinaw na ebidensyang pinopondohan ng ilegal na trade ang mga organisadong krimen at terorismo sa buong mundo, patuloy na isa sa mga nangungunang priyoridad natin ang pagsugpo rito.



- **Mag-supply lang ng produkto sa daming katumbas ng domestic na pagkonsumo sa destinasyong market at sa pinapahintulutang mga requirement ng bumibiyaheng consumer**
- **Ipaalam sa mga customer ang tungkol sa pagtindig ng Imperial Brands laban sa ilegal na trade at sa kanilang responsibilidad na sundin ang batas at ang ating mga pamantayan**
- **Makipagtulungan sa anumang imbestigasyon ng pamahalaan o tagapagpatupad ng batas kaugnay ng pag-divert ng produkto**
- **Huwag ilagay ang sarili mo sa personal na panganib o peligro kapag nangangalap o nag-uulat ng pinaghihinalaang ilegal na trade**





**"Nilalabanan natin ang lahat ng anyo ng ilegal na trade at nakikipagtulungan tayo sa mga awtoridad para mapigilan na mapunta sa lehitimong market ang mga ilegal na produktong tabako"**






Mag-click dito para sa mga internal na resource

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN



# PAGPROTEKTA SA MGA ASSET NG KUMPANYA

Ang hindi naaangkop na paggamit ng mga asset at resource ng kumpanya ay may direktang epekto sa profitability ng ating negosyo. Inaatas ang wastong paggamit ng mga laptop at telepono, equipment (gaya ng mga sasakyan), pasilidad, impormasyon, intellectual property, at pera ng kumpanya, at nalalapat ito sa lahat ng kasamahan sa Imperial Brands.



- **Gamitin ang property at pera ng Imperial Brands para sa pinakamabuting interes ng kumpanya**
- **Sumunod sa mga patakaran ng kumpanya sa paggamit ng mga information system ng kumpanya gaya ng mga email o telepono**
- **Igalang ang property at mga resource na pagmamay-ari ng kumpanya at iba pang entity, gaya ng mga customer at external na business partner**
- **Huwag gamitin ang mga resource ng kumpanya para sa personal na pakinabang**






"Ang hindi naaangkop na paggamit ng mga asset at resource ng kumpanya ay may direktang epekto sa profitability ng ating negosyo"

Mag-click dito para sa mga internal na resource

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAG-SECURE NG MGA INFORMATION SYSTEM

Pinapanatili nating ligtas ang impormasyon ng kumpanya at mga proseso at system ng negosyo laban sa maling paggamit, pagnanakaw, pagkasira, o hindi awtorisadong pag-access, pagbabago, at paghahayag. Palagi tayong nakabantay laban sa mga cyber threat sa lahat ng oras.



- **Iulat kaagad ang lahat ng pinaghihinalaang insidente sa seguridad o paglabag sa data sa iyong service desk**
- **Iulat ang lahat ng pinaghihinalaang phishing email gamit ang button na "Report Phishing" sa Outlook**
- **Gumamit ng mahahabang pass phrase na may kahit man lang 16 na character at gumamit ng multifactor authentication (MFA) kapag available**
- **Maging mas maingat kapag nagtatrabaho malayo sa opisina**



Mag-click dito para sa mga internal na resource




> **Palagi tayong nakabantay laban sa mga cyber threat sa lahat ng oras**


← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAGPROTEKTA SA PERSONAL NA IMPORMASYON

Ginagalang natin ang privacy ng ating mga kasamahan, contractor, consumer, customer, at external na business partner. Nakatuon tayo sa pangangasiwa ng personal na impormasyon nang naaayon sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa privacy ng data.



- **Mangolekta o gumamit lang ng personal na impormasyon na kailangan mo para sa mga lehitimong layunin**
- **Magbahagi lang ng personal na impormasyon kung pinapahintulutan kang gawin ito at kung may mga naaangkop na kontrol, lalo na kung nagbabahagi sa labas ng bansa kung saan ito kinokolekta**
- **Protektahan ang anumang personal na impormasyon na pinangangasiwaan mo at itabi lang ito hanggang sa kinakailangan para sa mga layunin kung bakit ito kinolekta o para matugunan ang mga legal na requirement**
- **Ipaliwanag sa mga indibidwal kung bakit natin kailangan ng personal na impormasyon, at kung paano ito gagamitin at kung ano ang kanilang mga karapatan**





> Ginagalang natin ang privacy ng ating mga kasamahan, contractor, consumer, customer, at external na business partner


Mag-click dito para sa mga internal na resource    Abiso sa Privacy ng Imperial Brands

BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAMAMAHALA NG KUMPIDENSYAL NA IMPORMASYON

Pinoprotektahan natin ang impormasyon ng consumer, customer, kumpanya, at empleyado. Nag-iingat tayo kapag nangangasiwa ng kumpidensyal na impormasyon at ibinabahagi lang natin ito sa mga taong kailangang makakita nito. Ginagalang natin ang kumpidensyal na impormasyon ng iba, kasama ang sa mga kakumpitensya.





- **Magbahagi lang ng kumpidensyal na impormasyon sa mga taong kailangang makaalam nito, nang tinitiyak na alam nila ang anumang paghihigpit na nalalapat**
- **Kumuha ng mga kinakailangang pahintulot, kasama ang espesyal na pahintulot, mga kasunduan sa pagiging kumpidensyal, kasunduan sa hindi paghahayag, o kasunduan sa pagpoproseso ng data, kapag nagbabahagi ng impormasyon sa labas ng Imperial Brands**
- **Gamitin ang naaangkop na label ng pagiging sensitibo at pag-encrypt para maprotektahan ang kumpidensyal na impormasyon. Gumamit ng privacy screen protector at mag-ingat sa pagtalakay ng mga kumpidensyal na usapin kapag nagtatrabaho sa mga pampublikong lugar**
- **Huwag gumamit ng mga personal at hindi pangkumpanyang serbisyo ng instant messaging, serbisyo ng email, serbisyo ng pagbabahagi at pag-store ng file para sa negosyo ng kumpanya**

**“Ginagalang natin ang kumpidensyal na impormasyon ng iba, kasama ang sa mga kakumpitensya”**



Mag-click dito para sa mga internal na resource




← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAGPROTEKTA SA INTELLECTUAL PROPERTY


Ang ating mga karapatan sa intellectual property – gaya ng mga trademark, karapatan sa disenyo, patent, at copyright – ay mahahalagang asset na pumoprotekta sa ating mga brand at inobasyon at nagbibigay sa atin ng bentahe sa kumpetisyon. Kung gagamitin sa maling paraan ang ating mga karapatan sa intellectual property, puwedeng makompromiso ang ating mga interes at ang mga interes ng ating mga consumer.





- **Protektahan ang ating intellectual property at iulat ang anumang ‘copycat’ na produkto, pinaghihinalaang pekeng produkto, o iba pang item na posibleng lumalabag sa mga karapatan sa intellectual property ng Imperial Brands**
- **Kapag nakikipag-ugnayan sa ating mga partner, siguraduhing isaisip ang intellectual property at tiyaking may mga naaangkop na kontrata, gaya ng mga kasunduan sa hindi paghahayag o kasunduan sa pag-develop**
- **Igalang ang intellectual property ng iba kasama ang mga customer, kakumpitensya, at external na business partner**
- **Huwag gumamit ng mga pangalan, trademark, o iba pang elemento ng disenyo na puwedeng iugnay ng mga consumer sa iba kapag nagbebenta, nagma-market, o nagpo-promote ng ating mga produkto**

> Nakikipag-collaborate tayo sa iba't ibang function para masiguradong napoprotektahan natin ang ating mga karapatan sa intellectual property at na iginagalang natin ang mga karapatan sa intellectual property ng iba






Mag-click dito para sa mga internal na resource




# PAKIKIPAG-UGNAYAN SA MGA INVESTOR, ANALYST, AT SA MEDIA




Nagbibigay tayo ng malilinaw at pare-parehong mensahe sa mga komunikasyon sa mga investor, analyst, at sa media. Nakakaapekto sa ating reputasyon ang lahat ng bagay na ginagawa at sinasabi natin, at ang lahat ng sinasabi tungkol sa atin ng mga external na stakeholder. Ang mga shareholder, analyst, customer, at marami pang iba ay nakadepende sa atin sa pagbibigay ng tumpak at maaasahang impormasyon tungkol sa ating mga pagpapatakbo ng negosyo, performance, at pinansyal na pananaw.



- **Siguraduhing mga sanay at awtorisadong kasamahan lang ang nakikipag-usap sa mga investor, analyst, at sa media**
- **I-refer ang anumang tanong ng media sa iyong lokal na communications team o Group Communications**
- **I-refer ang anumang tanong ng investor o analyst sa Investor Relations team sa head office**
- **Huwag katawanin ang negosyo sa labas maliban kung may kasanayan ka rito at awtorisado kang gawin ito**



“Nagbibigay tayo ng malilinaw at pare-parehong mensahe sa mga komunikasyon sa mga investor, analyst, at sa media”


Mag-click dito para sa mga internal na resource



← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# RESPONSABLENG PAGGAMIT NG SOCIAL MEDIA


Nakatuon tayo sa responsable at transparent na paggamit ng social media para makatulong sa pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa ating kumpanya. Ang pag-unawa at pagsunod sa gabay na ibinigay ng negosyo sa paggamit ng social media ay responsibilidad ng bawat kasamahan sa Imperial Brands.



- **Tukuyin ang sarili mo bilang isang empleyado kung ine-endorse ang ating kumpanya o ang ating mga aktibidad**
- **Alamin ang mga legal na paghihigpit na puwedeng nalalapat sa pakikipag-ugnayan tungkol sa ating negosyo sa social media**
- **Isaisip kung ano ang magiging palagay ng iba sa mga post mo sa social media**
- **Huwag maghayag ng kumpidensyal, pribado, o pinagmamay-ariang impormasyon tungkol sa kumpanya o sa mga customer, supplier, o kasamahan sa social media**





“Ang pagsunod sa gabay na ibinigay ng negosyo sa paggamit ng social media ay responsibilidad ng bawat kasamahan sa Imperial Brands”





Mag-click dito para sa mga internal na resource



← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# ANG ATING INTEGRIDAD SA NEGOSYO

**Sa pamamagitan ng pagkilos sa paraang responsable at may integridad, nakagawa at nakakapagpanatili ang Imperial Brands ng matagumpay na negosyo. Naniniwala tayo sa pagtitiwala, pagiging patas, at katapatan, at nakikita ang mga ito sa lahat ng ginagawa natin. Hindi natin ipinagwawalang-bahala ang anumang anyo ng panunuhol, katiwalian, o mapanlinlang na accounting.**



30 Pagpigil sa panunuhol at katiwalian
31 Pagbibigay at pagtanggap ng mga regalo at entertainment
32 Pamamahala ng mga salungatan ng interes
33 Patas na pakikipagkumpitensya
34 Pangangalap ng competitive intelligence
35 Pagbabawal sa insider trading
36 Tumpak na pinansyal at hindi pinansyal na pag-uulat
37 Pagsunod sa mga requirement sa customs at buwis
38 Pagsunod sa mga sanction at paghihigpit sa trade
39 Money laundering
40 Mga relasyon sa pinagkakatiwalaang supplier
41 Pakikipag-ugnayan sa mga pamahalaan at ahensya sa politika




**"Tinatanggap natin ang pananagutan nang may kumpyansa at hindi natin kinokompromiso ang integridad para sa komersyal na benepisyo"**

# PAGPIGIL SA PANUNUHOL AT KATIWALIAN

Ipinagmamalaki natin ang ating reputasyon sa pagnenegosyo sa tamang paraan. Inaatas ang pagsunod sa mga batas laban sa panunuhol at katiwalian, saanman tayo nagnenegosyo, at ang ilan sa mga batas na ito ay puwedeng ipatupad sa labas ng mga border. Ang paglabag sa mga batas laban sa panunuhol at katiwalian ay mga seryosong kriminal na pagkakasala para sa kumpanya at sa mga indibidwal na sangkot, at puwede itong magresulta sa malalaking multa at kahit pagkakakulong.



- **Huwag na huwag mag-alok, magbayad, o tumanggap ng suhol, anupaman ang lokal na batas o kultura**
- **Huwag na huwag ipagawa sa iba o payagan ang iba na gumawa ng tiwaling pagbabayad sa ngalan natin**
- **Huwag na huwag mag-alok o magbigay ng anumang bagay na may halaga sa sinuman para sa layunin ng pagsisiguro, pagpapanatili, o pangangasiwa ng negosyo (gaya ng mga pagbabayad para mabawasan ang mga tungkulin sa mga buwis o sa customs)**
- **Makipagtulungan lang sa mga consultant at advisor na nakapasa sa mga due diligence na pagsusuri, pormal na inaprubahan, at obligado ng kontrata na tugunan ang ating mga pamantayan**








> Ipinagmamalaki natin ang ating reputasyon sa pagnenegosyo sa tamang paraan




Mag-click dito para sa mga internal na resource

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAGBIBIGAY AT PAGTANGGAP NG MGA REGALO AT ENTERTAINMENT

Nilalayon nating bumuo ng matatag at pinagkakatiwalaang relasyon sa mga external na business partner, at makipagpalitan ng regalo at entertainment para magpakita ng paggalang at mabuting pakikipagkapwa. Gayunpaman, ang hindi wastong pakikipagpalitan ng regalo, hospitality, at entertainment ay puwedeng makita bilang panunuhol na magkokompromiso sa ating integridad.





- **Magbigay at tumanggap lang ng mga regalo at entertainment na makatuwiran at proporsyonal at may katanggap-tanggap na layunin sa negosyo**
- **Huwag mag-alok o tumanggap ng mga regalo o entertainment na naglalayon na, o na puwedeng makita bilang pagtatangka na, impluwensyahan ang mga desisyon sa negosyo o makakuha ng bentahe sa hindi wastong paraan**
- **Huwag mag-alok ng mga regalo o entertainment sa mga pampublikong opisyal o opisyal ng pamahalaan maliban kung naaayon sa batas at paunang naaprubahan**
- **Huwag mag-alok o tumanggap ng cash o mga katumbas ng cash bilang regalo**

## Palaging hindi katanggap-tanggap:

- Cash o katumbas ng cash
- Anumang ilegal na sumasalungat sa patakaran ng kumpanya o na makakasama sa reputasyon ng ating kumpanya
- Mga regalong walang makatuwirang layunin ng negosyo

## Karaniwang katanggap-tanggap:


- Pagkain kasama ng mga external na business partner, customer, o supplier
- Mga imbitasyon sa sports, teatro, o cultural event, sa kundisyong may makatuwirang layunin sa negosyo
- Mga promosyonal na item na nasa pangalan lang ang halaga


Tandaan na nakarehistro dapat ang lahat ng regalo at entertainment na may halagang **mahigit 100 GBP**, o higit sa lokal na limitasyon sa market.

**"Hindi tayo mag-aalok o tatanggap ng mga regalo o entertainment kung puwede itong pagmulan ng o magmukhang panunuhol"**



Mag-click dito para sa mga internal na resource






← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAMAMAHALA NG MGA SALUNGATAN NG INTERES

Ang mga salungatan ng interes ay puwedeng personal o may kaugnayan sa negosyo, at puwede nitong maapektuhan ang kakayahan nating gumawa ng mga desisyon nang patas at na makakabuti sa interes ng Imperial Brands. Nakatuon tayo sa aktibong pamamahala ng mga salungatan para matiyak na hindi nakokompromiso ng mga ito ang ating integridad.



- **Kumilos nang may integridad at nang transparent at iwasan ang mga sitwasyon kung saan sumasalungat ang mga personal na relasyon o pinansyal na interes sa mga interes ng Imperial Brands**
- **Maghayag ng anumang aktwal, potensyal, o ipinapagpalagay na salungatan ng interes sa sandaling matukoy ang mga ito**
- **Makipagtulungan at pamahalaan ang mga salungatan sa transparent na paraan at nang naaayon sa interes ng Imperial Brands**
- **Huwag abusuhin ang iyong posisyon para sa personal na benepisyo o sa benepisyo ng isang taong may personal na relasyon sa iyo**






> **Nakatuon tayo sa aktibong pamamahala ng mga salungatan para matiyak na hindi nakokompromiso ng mga ito ang ating integridad**




Mag-click dito para sa mga internal na resource



← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PATAS NA PAKIKIPAGKUMPITENSYA

Nakatuon ang Imperial Brands sa pakikipagkumpitensya sa paraang patas, naaayon sa batas, at tapat.
Sumusunod tayo sa lahat ng batas sa anti-trust at batas sa kumpetisyon na nalalapat sa ating negosyo.



- **Siguraduhing nauunawaan at sinusunod mo ang mga batas na nalalapat sa iyong market, ang ating mga patakaran, at anupamang nauugnay na materyal para sa pagsasanay o gabay sa kumpetisyon**
- **Huwag pumasok sa anumang kasunduang laban sa kumpetisyon (hal., fixing ng presyo, bid rigging, pag-share ng market). Palaging umaksyon at makipagkumpitensya nang hiwalay sa ating mga kakumpitensya**
- **Huwag makipag-usap sa mga kakumpitensya tungkol sa mga komersyal na sensitibong paksa gaya ng pagpepresyo, tuntunin ng trade, o paglunsad ng bagong produkto**
- **Kung nakatanggap ka ng komersyal na sensitibong impormasyon, sabihing hindi mo ito ni-request, huwag itong tanggapin, at dapat ay wala nang ipadala pa ang sender. Kung patuloy kang nakakatanggap ng naturang impormasyon habang nasa meeting, umalis sa meeting at iulat kaagad ang insidente sa iyong lokal na Legal Counsel o Group Legal**




## Ano ang itinuturing na komersyal na sensitibong impormasyon (commercially sensitive information o CSI)?

Ang komersyal na sensitibong impormasyon (commercially sensitive information o CSI) ay anumang hindi pampublikong impormasyon tungkol sa komersyal na patakaran ng negosyo na puwedeng makaimpluwensya sa pag-uugali ng isang kakumpitensya. Kabilang dito ang (pero hindi limitado sa) impormasyong may kaugnayan sa komersyal na strategy ng negosyo, pagpepresyo sa hinaharap, mga trade secret, intellectual property, at mga record ng customer at supplier. Kung mayroon kang anumang pagdududa sa kung ano ang itinuturing na CSI, makipag-usap sa iyong lokal na Legal Counsel o Group Legal.



Mag-click dito para sa mga internal na resource




> **Sumusunod tayo sa lahat ng batas sa anti-trust at batas sa kumpetisyon na nalalapat sa ating negosyo**

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PANGANGALAP NG COMPETITIVE INTELLIGENCE

Sinusubaybayan natin ang ating competitive environment at sinusuri natin ang mga trend para i-develop ang ating negosyo para matugunan natin ang mga requirement ng customer.



- **Sumunod sa lahat ng nauugnay na batas sa kumpetisyon kapag nangongolekta, tumatanggap, o nakikipagpalitan ng impormasyon**
- **Huwag na huwag makipagpalitan, sa pasulat o pasalitang paraan, ng komersyal na sensitibong impormasyon o data sa mga kakumpitensya (kasama ang sa pamamagitan ng mga intermediary o third party)**
- **Kumuha ng pag-apruba mula sa lokal na Legal Counsel, mga external na legal advisor o Group Legal bago magkolekta o tumanggap ng anumang bagong source ng data tungkol sa mga trend sa market o aktibidad ng kakumpitensya (kasama ang sa pamamagitan ng mga third party)**
- **Siguraduhin na ang anumang ulat sa industriya o survey para sa pag-benchmark kung saan nagbibigay tayo ng data (gaya ng pagpepresyo/data ng dami) ay pinagsasama-sama sa naaangkop na paraan, mula sa nakaraan, at hindi nakabatay sa hinaharap**

## Ano ang mga katanggap-tanggap na source ng competitive intelligence?

- Ang media
- Mga pampublikong naa-access na source sa internet, kasama ang mga website ng kumpanya
- Mga katiwa-tiwalang survey sa industriya
- Mga taunang ulat
- Mga pampublikong speech ng mga executive ng kumpanya
- Mga pag-file sa mga ahensya ng pamahalaan na available sa publiko








**“Sinusubaybayan natin ang ating competitive environment at sinusuri natin ang mga trend para i-develop ang ating negosyo”**

Mag-click dito para sa mga internal na resource


← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAGBABAWAL SA INSIDER TRADING

Nakatuon tayo sa maingat na pangangasiwa ng hindi pampublikong impormasyon tungkol sa pinansyal na performance o mga plano sa hinaharap ng kumpanya. Kung maiimpluwensyahan ng impormasyong ito ang presyo ng ating share o ang mga desisyon ng mga investor, posibleng 'inside information' ito. Ilegal na gamitin ang inside information para gumawa ng mga desisyon tungkol sa pagbili o pagbebenta ng mga security gaya ng mga share ng kumpanya, para man sa sarili mong benepisyo o sa benepisyo ng iba.



- **Panatilihing kumpidensyal ang inside information at sundin ang mahihigpit na panuntunan sa paglabas ng impormasyon. Tandaan na patuloy na ilalapat ang mga panuntunan sa insider trading kapag hindi ka na empleyado ng Imperial Brands**
- **Huwag na huwag magbahagi ng inside information nang walang paunang pag-apruba at kapag kailangan lang sa pagsasagawa ng tungkulin mo**
- **Huwag mag-trade ng mga security ng Imperial Brands, Logista, o anupamang nakalistang kumpanya batay sa inside information**
- **Huwag magpakalat ng mali o hindi tumpak na impormasyon tungkol sa Imperial Brands o iba pang pampublikong nakalistang security**






**"Ang ilang partikular na empleyado ay may mas malawak na access sa potensyal na inside information at itinuturing na 'mga company insider'"**

Mag-click dito para sa mga internal na resource

# TUMPAK NA PINANSYAL AT HINDI PINANSYAL NA PAG-UULAT

Inuulat natin ang ating mga aktibidad nang tapat at tumpak, at aktibo tayong nagtataguyod ng kulturang hindi nagwawalang-bahala pagdating sa panloloko. Nakakatulong sa atin ang pagpapanatili ng mga kumpleto at tumpak na pinansyal at hindi pinansyal na ulat sa paggawa ng mas magagandang desisyon, pagbuo ng tiwala sa mga external na stakeholder, at pagsuporta sa ating mga ambisyon para sa sustainable at pangmatagalang tagumpay. Panloloko ang pamemeke ng mga record at account at ang misrepresentasyon ng impormasyon, at may mga seryoso itong kahihinatnan para sa ating negosyo at sa mga sangkot na indibidwal.






- **Maging tapat at tumpak sa mga ulat, paghahayag, forecast, at pagsusuri**
- **Huwag na huwag maghanda o magsumite ng mali o nakakalinlang na impormasyon o irepresenta sa maling paraan ang layunin ng anumang transaksyon**
- **Sumunod sa lahat ng batas, external na requirement sa accounting, at procedure ng kumpanya para sa pag-uulat ng pinansyal at hindi pinansyal na impormasyon**
- **Ipagbigay-alam ang anumang alalahanin kaugnay ng katumpakan o pagiging kumpleto ng mga pinansyal o hindi pinansyal na ulat**

**“Inuulat natin ang ating mga aktibidad nang tapat at tumpak, at aktibo tayong nagtataguyod ng kulturang hindi nagwawalang-bahala pagdating sa panloloko”**




Mag-click dito para sa mga internal na resource



# PAGSUNOD SA MGA REQUIREMENT SA CUSTOMS AT BUWIS

Sumusunod ang Imperial Brands sa lahat ng pambansa at international na batas sa pagbubuwis sa kumpanya at sa tabako. Tayo ay tumpak at transparent sa ating mga paghahayag at certification, at nakikipag-ugnayan tayo sa konstruktibong paraan sa mga awtoridad sa customs at buwis sa buong mundo para makatulong sa paglaban sa ilegal na trade ng ating mga produkto. Mayroon tayong mga patakaran para maiwasan ang pasilitasyon ng pagtakas sa buwis, isinasagawa man ng isang empleyado, ng mga kumakatawan o kumikilos sa ngalan ng Imperial Brands, o iba pang taxpayer na nakatransaksyon natin.





- **Sundin ang lahat ng pambansa at international na batas sa pagbubuwis sa customs, sa kumpanya, at sa tabako**
- **Iulat ang anumang pagkakaiba sa produktong natanggap, o mga hindi tumpak sa dokumentasyon ng Track and Trace, sa nauugnay na awtoridad sa customs**
- **Huwag na huwag magdala ng mga sample ng produkto kapag bumibiyahe para sa mga layunin sa negosyo**
- **Siguraduhing napapasailalim ang mga agent, intermediary, at tax adviser na kumikilos sa ngalan ng Imperial Brands sa naaangkop na screening at mga procedure sa pakikipagkontrata**

> **Tayo ay tumpak at transparent sa ating mga paghahayag at certification, at nakikipag-ugnayan tayo sa konstruktibong paraan sa mga awtoridad sa customs at buwis sa buong mundo**



Mag-click dito para sa mga internal na resource  Stategy sa Buwis ng Grupo




← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAGSUNOD SA MGA SANCTION AT PAGHIHIGPIT SA TRADE


Nakatuon tayo sa pagsunod sa mga international na sanction at paghihigpit sa trade sa buong mundo. Nagpapanatili tayo ng mga procedure na makakatulong sa ating tiyaking hindi tayo papasok sa negosyo, trade, pinansyal o iba pang komersyal na transaksyon, kasama ng sinumang third party, kumpanya, o indibidwal na napapasailalim sa mga naaangkop na sanction.






- **Unawain ang mga sanction at paghihigpit sa trade na nauugnay sa iyong tungkulin at mga responsibilidad at humingi ng patnubay mula sa lokal mong Legal Counsel o Group Legal kung kailangan mo ng tulong**
- **Makipagnegosyo lang sa mga naaprubahang third party (mga indibidwal at kumpanya) na napasailalim sa ating procedure ng due diligence**
- **Huwag tanggapin o balewalain ang anumang pinaghihinalaang paglabag sa mga sanction o paghihigpit sa trade**
- **Tingnan kung may mga sanction o paghihigpit sa trade na nalalapat sa sinumang third party (indibidwal o kumpanya) na nakakatransaksyon natin sa negosyo at huwag pumasok sa mga kasunduang idinisenyo para makatakas o makaiwas sa mga sanction**

> **Nakatuon tayo sa pagsunod sa mga international na sanction at mga paghihigpit sa trade sa lahat ng bansa kung saan tayo nagnenegosyo**



Mag-click dito para sa mga internal na resource




← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# *MONEY LAUNDERING*


Nagsasagawa tayo ng mga hakbang para makaiwas sa money laundering sa ating negosyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan lang sa mga lehitimong customer at distributor. Madalas na nauugnay ang money laundering sa organisadong krimen at terorismo. Responsibilidad natin na siguraduhing hindi ginagamit ng mga naturang entity ang Imperial Brands para mag-launder ng pera o pagtakpan ang mga aktibidad o pagkakakilanlan nila.






- **Unawain kung ano ang money laundering at kung paano ito makakaapekto sa Imperial. Iulat ang anumang alalahanin na pinaghihinalaan o naoobserbahan mo**
- **Tumanggap lang ng mga pagbabayad mula sa mga naaprubahang customer, distributor, at iba pang negosyo o indibidwal kung saan karaniwang nakikipagnegosyo ang Imperial Brands at na napasailalim sa mga due diligence na pagsusuri**
- **Tumanggap lang ng mga pagbabayad mula sa o na ipinadala sa mga bank account na nasa pangalan ng legal na entity o indibidwal kung kanino tayo nakikipag-trade**
- **Huwag sadya o walang ingat na balewalain ang ‘mga red flag’ na nagmumungkahing posibleng may nangyayaring mga hindi wastong pinansyal na transaksyon gaya ng mga transaksyon ng malaking halaga ng cash, mga offshore na transaksyon, o ang paggamit ng mga anonymous na entity**

> **Nagsasagawa tayo ng mga hakbang para makaiwas sa money laundering sa ating negosyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan lang sa mga lehitimong customer at distributor**




Mag-click dito para sa mga internal na resource



# MGA RELASYON SA PINAGKAKATIWALAANG SUPPLIER

Para magtagumpay, umaasa tayo sa mga mapagkakatiwalaan at maaasahang relasyon sa mga supplier at sa kakayahan nating i-maximize ang halaga at paliitin ang mga panganib kapag nakikipagtulungan sa kanila. Isinasagawa natin ang ating mga aktibidad sa procurement sa patas, transparent, at propesyonal na paraan, at nagsisikap tayong piliin ang at makipagtulungan sa mga supplier na kumikilos din sa etikal at responsableng paraan.



- **Sundin ang mga ipinapatupad na proseso ng procurement, kasama ang pagsasagawa ng kinakailangang due diligence**
- **Huwag magbigay ng mga nakasulat o pasalitang pangako sa mga supplier maliban na lang kung may awtoridad kang gawin ito**
- **Siguraduhing matatanggap ng mga supplier ang ating Code of Conduct ng Supplier na nagbabalangkas sa mga inaasahan natin sa etikal at responsableng asal**
- **Huwag tanggapin o balewalain ang mga aktibidad ng supplier na posibleng lumalabag sa Code o sa ating mga pamantayan. Iulat ang anumang alalahanin sa procurement team o sa pamamagitan ng channel ng Speaking Up**





> “Para magtagumpay, umaasa tayo sa mga mapagkakatiwalaan at maaasahang relasyon sa mga supplier”

Mag-click dito para sa mga internal na resource
Code of Conduct ng Supplier




← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# PAKIKIPAG-UGNAYAN SA MGA PAMAHALAAN AT AHENSYA SA POLITIKA



Nakikipag-ugnayan tayo sa mga pamahalaan, politikal na partido, at kandidato sa politika sa parehong paraan kung paano tayo nakikipag-ugnayan sa maraming iba pang external na stakeholder: bukas, etikal, at para lang suportahan ang pag-abot sa ating mga lehitimong layunin sa negosyo. Ang hindi wastong asal na kinasasangkutan ng mga pamahalaan o pampublikong opisyal ay puwedeng magdala ng malalaking panganib sa reputasyon at sa batas para sa Imperial Brands.


Sa ilang sitwasyon, puwedeng may kasamang mga politikal na kontribusyon sa ating pakikipag-ugnayan. Ang anumang naturang kontribusyon ay dapat mapasailalim sa pinakamatataas na antas ng transparency at accountability at maaprubahan nang naaayon sa patnubay ng kumpanya.



- **Siguraduhin na ang mga pakikipag-ugnayan sa pamahalaan ay isinasagawa lang ng, o kasama ng, mga sanay na kasamahan o consultant sa politika na una nang pormal na naaprubahan**
- **Sundin ang gabay at mga patakaran ng kumpanya kapag nakikipag-ugnayan sa mga politikal na partido at kandidato sa politika**
- **Huwag magbayad para ma-access o maimpluwensyahan ang mga regulator o special interest group**
- **Kumuha ng legal na input bago ang anumang joint engagement sa industriya kasama ng mga pamahalaan o regulator**

**"Ang hindi wastong pag-uugali na kinasasangkutan ng mga pamahalaan o pampublikong opisyal ay puwedeng magdala ng malalaking panganib sa reputasyon at sa batas para sa Imperial Brands"**

Mag-click dito para sa mga internal na resource



← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# ANG KAPALIGIRAN AT LIPUNAN

**Nagpapatakbo tayo ng negosyo sa paraang may paggalang sa kapaligiran at sa mga karapatan ng mga komunidad kung saan tayo nagnenegosyo. Nakatuon tayo sa pagbabawas ng ating epekto sa kapaligiran at sinisikap nating gumawa ng positibong kontribusyon sa lipunan sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga kabuhayan ng mga taong may kaugnayan sa ating negosyo.**


43 Pagprotekta sa likas na kapaligiran

44 Pagbibigay ng kontribusyon sa kawanggawa at pagvo-volunteer







> Nakatuon tayo sa pagbabawas ng ating epekto sa kapaligiran at sinisikap nating maghatid ng positibong kontribusyon sa lipunan

# PAGPROTEKTA SA LIKAS NA KAPALIGIRAN

Napakahalaga ng pagprotekta sa likas na kapaligiran para sa sustainability ng ating planeta at sa kapakanan ng mga susunod na henerasyon. Nakatuon tayo sa pagbabawas ng ating epekto sa kapaligiran sa pamamagitan ng responsableng paggamit ng mga resource, pagbabawas ng polusyon at basura, at pagpapanatili ng biodiversity. Bukod dito, nang naaayon sa ating ambisyon na maging Net Zero pagdating ng 2040, babawasan din natin ang ating mga carbon emission at itataguyod natin ang renewable energy. Kasama sa responsableng pamamahala ang pagbibigay ng edukasyon at lakas sa mga tao para gumawa ng mga tamang desisyon, na nagtataguyod ng kulturang nangangalaga sa ating kapaligiran.





- **Bawasan ang pagkonsumo ng energy sa pamamagitan ng konserbasyon at energy efficiency at magtaguyod ng renewable energy, na magpapababa sa mga carbon emission**
- **Bawasan ang basura sa source at magpatupad ng pagre-recycle**
- **Sa mga lugar na may kaunting tubig, maging responsable sa paggamit ng tubig**
- **Protektahan ang likas na kapaligiran at itaguyod ang biodiversity**

> **Tinatanggap natin ang kahalagahan ng preserbasyon ng ating planeta para sa mga susunod na henerasyon at nagsisikap tayong maging isang responsableng partner**



Mag-click dito para sa mga internal na resource Patakaran ng Grupo sa Kapaligiran
Strategy sa Mga Tao at Planeta Buod ng Performance ng ESG




# PAGBIBIGAY NG KONTRIBUSYON SA KAWANGGAWA AT PAGVO-VOLUNTEER




Nakatuon tayo sa paggawa ng mga positibong kontribusyon sa mga komunidad kung saan tayo nagpapatakbo ng negosyo. Makakabuti ito para sa pakikipag-ugnayan ng empleyado, mga relasyon ng negosyo, at sa reputasyon ng ating kumpanya, at mahalagang bahagi ito ng ating mas malawak na tungkulin sa lipunan. Naaayon ang ating mga mapagkawanggawang aktibidad sa **Strategy sa mga Tao at Planeta** ng ating kumpanya.

Ang pagbibigay-daan sa mga empleyado na suportahan ang kanilang mga komunidad bilang bahagi ng kanilang trabaho ay makakatulong sa wellbeing sa pamamagitan ng mga makabuluhang karanasan, pagbibigay bilang pagtanaw, at pagkakaroon ng mas malawak na kaalaman sa mga sitwasyon ng iba.



- **Ituon ang suporta ng komunidad sa mga proyektong naaayon sa Strategy sa mga Tao at Planeta at sa Mga Layunin sa Sustainable Development ng UN, na naglalayong pagandahin ang buhay ng mga tao**
- **Magbigay lang ng mga donasyon ng kumpanya sa mga lehitimo at pormal na rehistradong organisasyon ng kawanggawa**
- **Huwag na huwag gamitin ang mga mapagkawanggawang kontribusyon o pamumuhunan sa komunidad para mag-promote ng mga produkto o brand ng Imperial Brands**
- **Umiwas sa mga kontribusyong may kaugnayan sa mga bata, sakit na nauugnay sa paninigarilyo, sining, at sports. Tinatanggap ang mga aktibidad na nakatuon sa pagpigil sa pagtatrabaho ng bata. Sumangguni sa lokal na patnubay**

Mag-click dito para sa mga internal na resource    Strategy sa mga Tao at Planeta

## Ang ating Leaf partnership program


Sinusuportahan ng ating leaf partnership program ang ating ambisyon sa Kabuhayan at kapakanan ng magsasaka at pinopondohan nito ang mga proyektong may kaugnayan sa pinansyal na sustainability, sustainable na agrikultura, at access sa mga pangunahing pangangailangan gaya ng edukasyon at malinis na inuming tubig. Hindi kasama sa mga alituntuning ito ang mga aktibidad na isinasagawa sa programang ito.



# GLOSSARY







## Business Partner sa mga Tao at Kultura (People & Culture o P&C)

Isang kasamahan sa Imperial na nakikipag-partner sa isang team sa negosyo.

## Diskriminasyon

Pagtrato sa kahit sinong indibidwal sa hindi ganoon kanais-nais na paraan batay sa kasarian, kulay, lahi, kapansanan, o anupamang batayang walang kaugnayan sa kanyang performance o sa kakayahan niyang isagawa ang kanyang mga responsibilidad.

## Due diligence

Prosesong kinabibilangan ng mga pagsusuri o pag-audit sa panganib at pagsunod para ma-verify ang mga katotohanan at impormasyon tungkol sa isang third party.

## Ilegal na trade

Hindi awtorisadong pamamahagi o pagbebenta ng mga produkto sa labas ng nilalayong geographic market o distribution channel ng mga ito. Halimbawa, mga pekeng produkto o pag-smuggle ng mga produkto.

## Insider trading

Paggamit ng hindi pampublikong impormasyon tungkol sa pinansyal na performance o mga plano sa hinaharap ng kumpanya para gumawa ng mga desisyon kaugnay ng pagbili o pagbebenta ng mga security gaya ng mga share ng kumpanya.

## Intellectual property

Mga asset na protektado ng batas gaya ng mga trademark, karapatan sa disenyo, patent, at copyright na pumipigil sa iba na pagkakitaan ang ating mga brand at inobasyon.

## Katiwalian

Hindi tapat at mapanlinlang na gawi ng mga nasa posisyon ng kapangyarihan, na madalas kasangkutan ng pang-aabuso sa pampubliko o pribadong posisyon para sa personal na pakinabang.

## Kumpidensyal na impormasyon

Puwedeng kasama sa kumpidensyal na impormasyon ang pag-develop ng produkto at proseso, benta, data ng marketing at pananalapi, mga plano sa negosyo, mga pagbabago sa senior management, at impormasyon tungkol sa mga acquisition at merger. Itinuturing din na kumpidensyal ang personal na impormasyon.



← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# GLOSSARY



## Mga batas sa kumpetisyon
Mga batas na idinisenyong maghikayat ng free market at protektahan ang mga consumer at negosyo sa pamamagitan ng pagkontrol sa mga pakikipag-deal sa pagitan ng mga magkakumpitensya, customer, distributor, at iba pang third party pati na rin ang asal sa mga lugar kung saan may malakas na market power ang Imperial Brands.

## Mga external na business partner
Mga indibidwal o organisasyong may komersyal na relasyon sa Imperial Brands, gaya ng mga customer, supplier, distributor, o agent.

## Mga facilitation payment
Mga pagbabayad sa mga opisyal ng pamahalaan para pabilisin ang isang aksyon na regular dapat gawin ng opisyal.

## Mga salungatan ng interes
Isang sitwasyon kung saan may potensyal na makaimpluwensya ang mga pribado o personal na interes ng isang indibidwal sa kung paano niya isinasagawa ang kanyang mga propesyonal na tungkulin. Puwedeng pinansyal o hindi pinansyal ang katangian ng salungatan ng interes.

## Mga Sanction
Mga hakbang na ipinapatupad ng mga pamahalaan at international na ahensya para paghigpitan ang mga pakikipag-deal sa ilang partikular na bansa, entity, at/o indibidwal. Puwedeng kasama rito ang mga economic na paghihigpit, paghihigpit sa trade, pinansyal na sanction, at pag-ban sa pagbiyahe.

## Modernong pang-aalipin
Ang pag-recruit, paglipat, pagkubli, o pagtanggap ng isang indibidwal sa pamamagitan ng paggamit ng puwersa, pamimilit, pang-aabuso sa kahinaan, panlilinlang, o iba pang paraan para sa layunin ng pananamantala. Sinasaklaw nito ang puwersahan at/o trafficked na pagtatrabaho, pagtatrabaho ng bata, sekswal na pananamantala, puwersahang pagpapakasal, panggigipit sa utang.



## Money laundering
Pagsasagawa ng mga transaksyon para i-convert ang mga ilegal na nakuhang asset sa mga mukhang lehitimong asset.

## Paghihiganti
Hindi kanais-nais na pagtrato o anumang anyo ng pinsala, gaya ng demosyon, pagkaltas sa sahod o pagpapababa ng mga kundisyon sa trabaho, o pagkatanggal sa trabaho, ng isang tao dahil sa pag-uulat ng pinaghihinalaang maling gawain o maling asal.

## Pagtakas sa buwis o pasilitasyon ng pagtakas sa buwis
Anumang aksyon ng kumpanya o sinumang may kaugnayang tao para sadyang dayain ang pampublikong kita o takasan ang komisyon ng buwis sa madayang paraan.

← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN

# GLOSSARY



## Pampublikong opisyal

Isang taong nasa anumang lehislatibo, administratibo, o hudisyal na posisyon, itinalaga man o ihinalal sa isang organisasyong pagmamay-ari ng publiko.

## Pangha-harass

Anumang anyo ng hindi gustong pasalita, hindi pasalita, o pisikal na pag-uugaling bumabasag sa dignidad ng isa pang tao at/o gumagawa ng nakakatakot, mapoot, nanghahamak, nakakahiya, o mapanakit na kapaligiran sa trabaho.

## Panloloko

Sinasadyang panloloko na may layuning makakuha ng, sa hindi tapat na paraan, personal na pakinabang, pakinabang para sa Grupo, o pakinabang para sa benepisyo ng isa pang indibidwal o kumpanya sa ikasasama ng Grupo. Puwedeng kasama rito ang misrepresentasyon ng pinansyal o hindi pinansyal na impormasyon, hindi paghahayag ng impormasyon, o maling pagtatakda ng mga asset, kasama ng iba pang krimen.

## Panunuhol

Inalok, ipinangako, o ibinigay na panghikayat o pabuya para magkaroon ng anumang komersyal, kontraktwal, o personal na bentahe.

## Personal na impormasyon

Impormasyong may kaugnayan sa isang tao, gaya ng pangalan, mga detalye sa pakikipag-ugnayan, posisyon sa trabaho, lokasyon, o petsa ng kapanganakan.


## Phishing

Pagsubok na kumuha ng impormasyon gaya ng mga username, password, competitive intelligence, o personal na impormasyon at/o banking information, o mag-access ng mga system, sa pamamagitan ng email, text, mga website, o mga numero ng telepono na madalas na mukhang galing sa isang taong itinuturing na mapagkakatiwalaan.

## Politikal na kontribusyon

Regalong may iba't ibang anyo gaya ng cash, mga serbisyo, o anupamang halagang ibinigay mula sa isang indibidwal o organisayon para suportahan ang isang partikular na politikal na partido, politiko, o kandidato sa politika.





← BUMALIK SA PAHINA NG MGA NILALAMAN